# BAITANG 10
## IKA-APAT NA MARKAHAN
# ARALIN 2

Pangalan: ______________________________

Baitang at Pangkat: ______________________________

## PAGSUSULIT

**I. Panuto:** Basahin at unawain ng mabuti ang pahayag. Isulat sa patlang ang TAMA kung wasto ang pahayag, at MALI kung hindi.

**II. Panuto:** Isulat ang tamang propesyon sa patlang kung ano ang tinutukoy sa bawat pahayag.

### TAMA o MALI

**I. Panuto:** Basahin at unawain ng mabuti ang pahayag. Isulat sa patlang ang TAMA kung wasto ang pahayag, at MALI kung hindi.

1. Ang propesyon ay isang uri ng trabaho na hindi nangangailangan ng pagsasanay o kaalaman.
2. Ang pagiging guro ay pundasyon ng lahat ng propesyon.
3. Mas mahalaga ang propesyon ng doktor kaysa sa propesyon ng karpintero.
4. Ang lahat ng propesyon ay may kani-kaniyang mahalagang gampanin sa lipunan.
5. Ang stereotypes ay maaaring magdulot ng hindi pagkakapantay-pantay ng pagtingin sa mga propesyon.
6. Ang kasambahay ay walang malaking papel sa pagpapanatili ng kaayusan ng tahanan.
7. Ang gender equality ay nangangahulugang walang diskriminasyon batay sa kasarian sa trabaho.
8. Dati, ang pagiging nurse ay tanging para lamang sa mga lalaki.
9. Ang mga street sweeper ay mahalaga upang mapanatiling ligtas at malinis ang ating kapaligiran.
10. Ang pagiging lalaki o babae ay hindi dapat maging hadlang sa pagpili ng propesyon.

### PAGKILALA

**II. Panuto:** Isulat ang tamang propesyon sa patlang kung ano ang tinutukoy sa bawat pahayag.

1. Siya ay nangangalaga sa kalusugan ng mga pasyente at tumutulong maiwasan ang pagkalat ng sakit.
2. Siya ay naglilinis at nagwawalis ng mga kalsada upang mapanatili ang kaayusan sa kapaligiran.
3. Siya ay gumagawa ng disenyo para sa mga gusali, bahay, at iba pang estruktura.
4. Siya ay nagbibigay ng legal na tulong at tagapagtanggol ng karapatan ng bawat mamamayan.
5. Siya ay nagtatanim ng palay, gulay, at prutas para sa ating pagkain araw-araw.
6. Siya ay gumagawa at nagpapanatili ng mga makina at sasakyan upang maging ligtas gamitin.
7. Siya ay nag-aalaga at gumagawa ng mga gawaing bahay sa isang tahanan.
8. Siya ay nagtatayo ng matibay na estruktura tulad ng bahay, tulay, at kalsada.
9. Siya ay namamahala sa edukasyon ng mga mag-aaral at nagtuturo ng tamang asal at kaalaman.
10. Siya ay nagsisilbi ng pagkain sa mga kainan o restawran at nagbibigay serbisyo sa mga kostumer.



LIVEWORKSHEETS